

Para sa mga magulang /tagapag-alaga 保護者 様

Toyohashi City Board of Education 豊橋市教育委員会
Secretary of Education Mr. Yamanishi Masayasu 教育長 山西 正泰

Tungkol sa mga Hakbang Upang Maiwasan ang Pagkalat ng Bagong Impeksyon (COVID-19)
新型コロナウイルス感染症に係る感染対策等について

Nais po naming magpasalamat sa inyong patuloy na pag-unawa at kooperasyon sa mga aktibidad na pang-edukasyon at mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.

Isang “State of Emergency” ay idineklara sa Aichi Prefecture, maraming mga taong nahawahan ng bagong coronavirus ang nakumpirma sa ating lungsod at kasalukuyang kumakalat ang impeksyon.

Bilang tugon sa sitwasyong ito, isasagawa ang mga sumusunod na hakbang sa pamumuhay sa paaralan upang maiwasan ang pagkalat nito. Ang mga hakbang na ito ay ilalapat mula May 12.

Hinihiling po namin sa mga magulang /tagapag-alaga na patuloy na magbigay gabay sa mga anak tungkol sa mga pangunahing hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon tulad ng pagkuha ng body temperature, pagsusuri sa pisikal na kondisyon at paghuhugas ng kamay.

日頃より、本市の教育活動及び感染対策の推進にご理解とご協力をいただき感謝申し上げます。
愛知県を対象とした緊急事態宣言が行われ、本市においても、新型コロナウイルス感染者が多く確認されるなど感染が拡大しています。
このような状況を受け、より一層の感染防止対策を講じながら学校生活を下記のとおり行います。この対応については、5月12日からの適用とします。
なお、保護者の皆さまにおいては、検温や体調確認、手洗いははじめとする基本的な感染対策について引き続きお子様へのご指導をお願い申し上げます。

記

1. Ang mga aktibidad sa club ay pansamantalang suspindido.
2. Hindi isasagawa ang mga aktibidad sa club tulad ng recorder o pagsasanay sa pagluluto na mataas ang peligro ng pagkalat ng impeksyon kahit na sundin ang mga hakbang upang maiwasan ito.
3. Normal ang pagpasok sa paaralan, hindi magkakaroon ng hiwa-hiwalay o magkakaibang oras sa pagpasok.
4. Mangyaring huwag papasukin ang bata sa paaralan kung may miyembro ng pamilya na kasama sa bahay ay may sintomas ng ubo't sipon. Gayundin, kung may miyembro ng pamilya na kasama sa bahay na natukoy na “close contact”, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa paaralan.
5. Ipatatupad ang school lunch gaya ng dati.
6. Isasagawa ang swimming instruction sa pool pagkatapos gumawa ng sapat na hakbang upang maiwasan ang impeksyon.
7. Ang mga event na may accommodation ay magiging day trip nalang o ipagpapaliban.
8. Sa pagkakataong may nagpositibo at nakumpirma ang mga “direct close contact”, ang pangalan ng paaralan ay ipapahayag at ipapaalam sa pamamagitan ng sulat o email.

※ Kung may pag-aalala sa pagpasok dahil sa impeksyon, mangyari lamang pong kumonsulta sa paaralan.

- 1 部活動は、当面の間中止します。
- 2 リコーダーや調理実習など感染対策を講じてもお感染リスクが高い学習活動は実施しません。
- 3 通常の登校とし、分散登校や時差登校は行いません。
- 4 同居家族に風邪症状が見られる場合は、登校を控えるようにしてください。また、同居家族が濃厚接触者に特定された場合は速やかに学校へご連絡ください。
- 5 学校給食は、通常どおり実施します。
- 6 プールでの水泳指導は、感染防止対策を十分とった上で実施します。
- 7 宿泊をともなう行事は、日帰りまたは延期とします。
- 8 校内で陽性者が判明し、その濃厚接触者が確認された場合は、文書やメールでお知らせするとともに、学校名を公表します。
※ 感染への不安から登校を見合わせる場合は、学校にご相談ください。

<Contact information お問い合わせ先>

Toyohashi City Board of Education, School Education Division
豊橋市教育委員会学校教育課 0532-51-2826
Health and School Meal Division
保健給食課 0532-51-2258